



## *Buong Teksto*

### **ANG HARING MATSING**

Isang gabi, sa puno ng manggang kasing laki ng buwan, may isang napakaganda at napakalaking mangga na nahulog sa ilog at inagos papalayo. Maililigtas kaya ni Haring Matsing ang espesyal na prutas na ito?

Tunghayan sa unang kabanata ng Kwentong Jataka, sari-saring salaysay mula sa buhay ni Buddha.

Ang ating pinakabagong serye ng Mga Kuwentong Jataka, ay inihahandog sa inyo ng Areté at ng Embahada ng India, kaakibat ng Loyola Schools Kagawaran ng Filipino. “Ang Haring Matsing” isinalin sa Filipino ni Michael M. Coroza, PhD at babasahin satin ni Jomar I. Empaynado.

Noong unang panahon, may isang haring matsing na namumunò sa walumpung libong matsing. Sa kaniyang kaharian, may isang punò ng mangga na kasinlaki ng buwan. Nagsisipaglundagan ang mga matsing sa punò, kinakain ang mga prutas at pinupúlot ang mga nahuhulog sa lupa. Nakaunat sa ibabaw ng ilog ang isa sa mga sanga ng punò. Paminsan-minsan, may manggang nahuhulog sa ilog at lumulutang-lutang na natatangay ng agos.

“May darating na panganib kapag may manggang naanod,” sapantaha ng haring matsing, at ipinag-utos niya sa mga matsing na saluhin ang mga manggang nahuhulog sa tubig. Ngunit, isang gabi, hindi nakita ng mga matsing, may isang manggang nahulog sa tubig at lumutang-lutang na naanod.

Kinaumagahan, nang lumusong sa ilog ang isang haring tao upang maligo, natanaw niya ang malaki at marikit na prutas. Matapos matikman, hinangad pa niyang makakain nang marami, kayâ nagtungo siya at ang kaniyang mga tauhan pailáya upang hanapin kung saan nanggaling ang mangga.

Kinagabihan, matapos ang matagal at nakapapagod na paghahanap, natanaw nila ang isang malaking punòng mangga na hitik na hitik sa mga kaibig-ibig na hinog na bunga. Dahil sa págod, minarapat nilang matulog sa ilalim nito.

Nang makatulog ang mga tao, ang haring matsing at ang kaniyang walumpung libong

matsing ay umakyat sa punò at, sanga sa sanga, kinain nila ang mga mangga. Ngunit, nagising ang haring tao at nakita ang mga matsing.

Tinawag niya ang kaniyang mga tauhan, “Iligtas ang mga prutas! Iligtas ang mga prutas!”

Pinalibutan ng kaniyang mga tauhan ang punò at iniumang sa mga matsing ang kanilang mga palasó. Nangatog sa tákot ang mga matsing, ngunit sinabi ng haring matsing, “Huwag kayong matakot! Ililigtas ko kayo!”

Agad niyang ipinulupot ang kaniyang buntot sa sanga ng punò na nakaunat sa ibabaw ng ilog, pagkaraan ay tumalon siya patawid sa ilog at sumunggab sa isang sanga ng punòng higera sa kabilang panig ng ilog. Ginawa niyang tulay ang sarili niyang likod! Tinawag niya ang mga matsing, “Magsiparito kayo, mga matsing! Tumakbo kayo sa sanga patawid sa likod ko at pababa sa punòng higera!”

Sinunod ng mga matsing ang sinabi ng kanilang Hari. Nakaligtas silang lahat at walang nasaktan.

Namangha ang haring tao sa mga pangyayaring nasaksihan. Naisip niya, “Mga prutas lámang ang ipinaliligtas ko, samantalang ang buong pangkat na kaniyang pinamumunuan ang nagawang sagipin ng haring matsing! Isang dakilang aral ang natutuhan ko ngayon.” Nagbalik siya sa kaniyang kaharian, kinalimutan ang prutas, at nagsimula siyang gumawa ng mabuti para sa kaniyang mga mamamayan.

\*\*\*

### **Mga Kasalukuyang Kwento sa Serye**

Ang Haring Matsing	Ang Nagbabanal-banalan
Ang Nagsasayaw na Paboreal	Ang mga Prinsipe at ang Engkanto ng Tubig
Ang Madaldal na Pagong	Ang Batang Babaeng Unggoy at ang Kuwintas na Perlas
Ang mga Nakakita sa Punong Judas	Ang Puso ng Matsing
Ang Jackal na Nagligtas sa Leon	Ang Ginintuang Gansa
Ang mga Lawin at ang kanilang mga Kaibigan	‘Uling’ ni Impo

*Abangan ang iba pang kwento sa seryeng podcast na ito.*

## **PAGKILALA**

### **Areté**

Estelle Marie M. Ladrado, PhD Ricardo G Abad, PhD	<i>Executive Producers</i>
D Cortezano	<i>Producer</i>
John Robert Yam	<i>Overall Sound Designer</i>
Harold André Santos	<i>Theme Music Composer</i>
John Robert Yam Nilo Beriarmente	<i>Sound Engineers</i>
Senanda Gomez	<i>Talent Coordinator and Production Associate</i>
Jethro Nibaten Adriane Ungriano Duane Ligot Rey Sotto Justine Ray Santos	<i>Sound Design and Technical Team</i>
Noriel Mendoza Vanessa Reventar	<i>Logistical Support</i>
Fran Alvarez	<i>Illustrator</i>
Lazir Caluya Vanessa Reventar	<i>Brand Developers</i>
Dreamlist Digital	<i>Web developers</i>

### **Embassy of India in Manila, Philippines**

Shambhu S. Kumaran	<i>Ambassador of India to the Philippines</i>
Vishwanjali M Gaikwad	<i>Second Secretary (Press, Information, and Culture)</i>
Michael James Mangaring	<i>Assistant</i>

### **Ateneo de Manila University Loyola Schools**

#### **Kagawaran ng Filipino**

Michael M Coroza, PhD  
Mark Benedict F Lim  
Claudette M Ulit, PhD

*Translators*

Michael M Coroza, PhD

*Translation Editor*

Anna Trisha Monica O Abeleda  
Ariel A Diccion  
Jomar I Empaynado  
Carlota B Francisco  
John Carlo S Gloria  
Sharmaine V Hernandez  
Yolando B Jamendang, Jr  
Glenda C Oris  
Jerry C Respeto, PhD  
Corazon L Santos, PhD  
Jethro Niño P Tenorio  
Andrea Anne I Trinidad

*Readers*